Kinakagat ng isa sa inyo ang kapatid niya tulad ng pagkagat ng lalaking [kamelyo o kabayo],Walang kabayaran para sa iyo

Ayon kay `Imraan bin Husain-malugod si Allah sa kanya-((Tunay na ang isang lalaki ay kinagat nito ang kamay ng isang lalaki,tinanggal nito ang kamay niya rito,Nahulog ang ngipin niya,Nagpahatol sila sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan- Nagsabi siya: ((Kinakagat ng isa sa inyo ang kapatid niya tulad ng pagkagat ng lalaking [kamelyo o kabayo],Walang kabayaran para sa iyo))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nanadya ang isang lalaki sa ibang [lalaki] at kinagat niya ang kamay nito,Tinanggal ng nakagat ang kamay niya mula sa bunganga ng nangagat,at nahulog ang dalawang ngipin nito,Nagpahatol sila sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Ang nangagat ay humihingi ng kabayaran dahil sa dalawang ngipin nitong natanggal,habang ang nakagat ay nagtatanggol sa kanyang sarili,na ninais lamang niyang iligtas ang kanyang kamay mula sa mga ngipin niya.Tumanggi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa namamaratang,ang nangagat.Papaano niya nagawa ang katulad ng ginagawa ng mabangis na hayop,at nagsabi siya: Kinakagat ng isa sa inyo ang kapatid niya,pagkatapos nito ay darating siya upang humingi ng kabayaran sa kasalanang nagawa sa mga ngipin niya?! Walang kabayaran para sa iyo.Sa hayag ay siya ang nanadya.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/2950